


Panganganak



LIDA Norge ✎
Sara Dorteia Johannesen ☑
Christaine 📄
4 📄
Tagalog 🗒️



LIDA Stories

idastories.net

Panganganak


LIDA Norge ✎
Sara Dorteia Johannesen ☑
Christaine 📄




This work is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.
<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0>



Si Selamawit ay dalawampu't siyam na taong gulang. Ipinanganak niya ang kanyang unang anak sa Eritrea. Nagkaroon ng mahirap na panahon siya at ang kanyang pamilya, kaya nagpasya silang pumunta sa Italya.




Umalis si Inga sa bahay bago siya mag-
labing siyam na taong gulang. Lumipat
siya sa Norway at doon nagkaroon ng
kanyang unang anak.



Parehong babae ang nanganak ng
malusog na sanggol. Si Selamawit ay
nagkaroon ng isa pang anak na lalaki,
habang si Inga ay may isang anak na
babae. Lubos na ipinagmamalaki ng
kanilang mga asawa ang kanilang mga
matatag na asawa at malusog na mga
anak, at ibinalita nila ito sa lahat ng taong
kilala nila.




Nang mabuntis si Selamawit sa kanyang pangalawang anak, naisip niya kung paano ang pagkakaroon ng anak sa ibang bansa.




Nagkasundo sina Inga at ng kanyang doktor na magpatingin siya sa isang midwife para sa regular na check-up sa loob ng kanyang pagbubuntis. Binigyan siya ng payo ng midwife tungkol sa pagkain at pagpapahinga, at impormasyon kung paano panatilihin ligtas at malusog siya at ang kanyang sanggol.

Si Selamawit at Inga ay iba ang pinagmulan. Naramdaman ni Selamawit ang kaligtasan dahil may karanasan na siya sa panganganak. Kinausap ni Inga ang kanyang ina tungkol sa panganganak.




Nang marinig ng kapitbahay ni Inga na sinusubukan niyang magkaanak, sinabihan siya ng kapitbahay na magpatingin kaagad sa doktor kapag buntis na siya. Sa ganitong paraan, masisigurado niya na malusog sila ng kanyang sanggol. Sinabi ng doktor na uminom ng folic acid, isang bitamina na mahalaga para sa mga buntis.





Narinig ng dalawang babae na karamihan ng mga bansa sa Europa, ang mga buntis ay may karapatan sa pangangalaga sa antenatal. Nangangahulugan ito na makakakuha sila ng tulong sa panahon ng kanilang pagbubuntis. Nagpa-appointment si Selamawit sa kanyang doktor nang malaman niyang buntis siya. Dinala si Selamawit ng kanyang asawa sa doktor.



Nagsagawa ng ilang pagsusuri ang doktor at nalaman na si Selamawit ay may diabetes na nakukuha ng ilang buntis. Kinailangan niyang kumain ng masustansyang pagkain at mag-ehersisyo. Natuwa si Selamawit na maaga siyang pumunta sa doktor, bago sila magkasakit ng kanyang anak.